# 4- day work-week sa QC, Manila City hall at DOLE

Magpapatupad ng 4-day work-week ang Quezon City hall sa mga empleyado nito.

Ayon kay QC Mayor Joy Belmonte, ang hakbang ay bilang pagtalima sa panawagan ng pamahalaan na ipatupad ang 4-day work week at shifting hours dahil sa banta ng coronavirus o COVID-19.

"We would also require everyone who does not have any business or no important reason to go outside to stay at home," pahayag ni Belmonte.

Kaugnay nito, muling hiniling ni Belmonte sa mga taga-QC na huwag magpanik sa pagbili ng mga pagkain at kailangang gamit dahil wala namang kakapusan sa suplay.

Una nang inihayag ni Belmonte na 5 na ang taga- QC na nagkaroon ng COVID-19 at ito ngayon ay nasa pangangalaga na ng Department of Health at mga ospital.

Sa Maynila, magpapatupad na rin ng four-day work week ang Manila City Hall at maging ang Department of Labor and Employment (DOLE) pati ang kanilang mga nakadikit na ahensya bilang paraan para maiiwas sa pagkakalantad sa 2019 coronavirus disease (COVID-19).

Upang mapunan naman ang oras na mawawala sa isang araw na trabaho, palalawigin ang working hours ng mga empleyado mula alas-8 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi mula Lunes hanggang Huwebes. Uumpisahan itong ipatupad sa darating na Marso 16, ayon kay Mayor Isko Moreno.

Kinansela rin ang nakatakdang flag raising ceremony sa Marso 16 kung saan nagkakaroon ng regular na programa at hiniling din ni Moreno sa iba't ibang religious sector na makiisa sa paglaban sa COVID-19.

Kinumpirma naman ni Moreno na may 4 na Patients Under Investigations (PUIs) ang nakaratay ngayon sa Ospital ng Maynila at dalawa naman sa Sta.Ana Hospital.

Bilang bahagi ng kanilang 'information campaign' laban sa COVID-19, magkakabit ng nasa 2,000 tarpaulin banner na naglalaman ng mga paalala sa publiko sa pagsasagawa ng proper-hygiene.

Magpapatupad din ng 4-day work week ang Department of Labor and Employment (DOLE) sa lahat ng kanilang mga empleyado sa buong bansa sa susunod na linggo. Sa nilagdaang administrative order 99 ni Labor Secretary Silvestre Bello III, magiging mula Lunes hanggang Huwebes na lamang ang pasok sa lahat ng nabanggit na mga tanggapan.

Sa nasabing mga araw ay dapat na 10-oras na magtatrabaho ang mga empleyado kasama na ang kanilang meal periods. *(Angie dela Cruz at Danilo Garcia)*